

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Nakatanggap ang Lungsod ng Brampton ng Award sa Napakahusay na Presentasyon ng Badyet**

BRAMPTON, ON (Mayo 21, 2021) – Nakatanggap ang Lungsod ng Brampton ng Award sa Napakahusay na Presentasyon ng Badyet (Distinguished Budget Presentation Award), mula sa Government Finance Officers Association of the United States and Canada (GFOA), sa loob ng limang sunod-sunod na taon.

Ang award ay kumakatawan sa mahalagang tagumpay para sa Lungsod ng Brampton, na naglalarawan sa commitment na matugunan ang pinakamataas na mga prinsipyo sa pagba-badyet ng pamahalaan. Para matanggap ang Award sa Napakahusay na Presentasyon ng Badyet, kailangang matugunan ng Lungsod ng Brampton ang mga patnubay na kinilala ng bansa para sa epektibong presentasyon ng badyet kabilang ang:

- Dokumento sa policy;
- Pampinansyal na plano;
- Gabay sa operation: at,
- Device sa komunikasyon.

Ang mga dokumento sa badyet ay kailangang na-rate na napakahusay o proficient sa lahat ng apat na kategorya at sa 14 na mandatoryong panukatan para makatanggap ng award. Inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang 2021 badyet noong Disyembre 9, 2020, pini-freeze ang mga buwis sa ikatlong sunod-sunod na taon sa loob ng Termino ng Konseho na ito, gumagawa ng pinakamataas na kontribusyon na \$114 milyon sa reserba.

May higit sa 1,600 kalahok sa Programa sa Award sa Badyet ng GFOA. Pinapasulong ng GFOA ang kahusayan sa pananalapi ng pamahalaan sa pamamagitan ng pagbibigay ng pinakamahusay na kaugalian, propesyonal na pag-unlad, mga resource at practical research para sa higit sa 20,500 kasapi.

### **Mga Quote**

“Ang pagkakapanalo sa Award sa Napakahusay na Presentasyon ng Badyet mula sa Government Finance Officers Association para sa ating 2020 Badyet ay isang kahanga-hangang tagumpay, partikular na sa kaganapan ng pandemya ng COVID-19. Ang award na ito ay kumakatawan sa isang mahalagang tagumpay sa pinansyal na transparency at mabuting pamamahala.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton, Chair, Komite ng Badyet*

“Ito ang ikalimang sunod-sunod na taon na ang Lungsod ng Brampton ay nag-aplay at nakatanggap nitong natatanging award. Ang Badyet ay isang pinagtutulungang proseso kung saan ang Konseho, staff at mga kasapi ng publiko at ang komunidad ng mga negosyante ay tumutulong sa paghubog sa kinabukasan ng lungsod. Ang isang malinaw, transparent at nagbibigay-impormasyong dokumento sa badyet ay nakatulong sa atin na manalo sa award na ito.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, at Vice Chair, Komite ng Badyet*

“Ikinagagalak nating matanggap ang prestihiyosong award sa pagba-badyet ng pamahalaan. Ang tagumpay na ito ay isang patunay ng commitment ng Team Brampton para maghatid ng pinakamahusay sa ating komunidad, inuulit ang ating mga pagsisikap para manatiling isang Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunidad  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)